



ANG MGA KABABALAGHAN SA SOUTH CHINA SEA
ANG ALAMAT NG NINE-DASHED LINE
NOONG DISYEMBRE 1947, IPINAGTIBAY NG GOBYERNONG KUOMINTANG NG TSINA ANG **NINE-DASHED LINE.**
NOONG PEBRERO 1948, INILATHALA ANG PAG-AANGKIN NA ITO SA ISANG MAPANG TINATAWAG NA **LOCATION MAP OF THE SOUTH CHINA SEA ISLANDS.**
SA MAPA, MAKIKITANG MAY LABING-ISANG DASH NA LUMILIKHA NG HUGIS U NA SUMASAKOP SA HALOS BUONG SOUTH CHINA SEA.
Haiphong
Hong Kong
TAIWAN
LAOS
Gulf of Tonkin
PACIFIC OCEAN
VIETNAM
Scarborough Shoal
THAILAND
Paracel Islands
Manila
CAMBODIA
South China Sea
The "nine-dash line"
Spratly Islands
PHILIPPINES
Gulf of Thailand
James Shoal
BRUNEI
BORNEO
MALAYSIA
ELEVEN-DASHED LINE
SINGAPORE
INDONESIA
China
Myanmar
Laos
Thailand
Vietnam
Cambodia
Philippines
Malaysia
Singapore
HINDI IPINALIWANAG NG TSINA ANG KAHULUGAN AT BATAYAN NG LABING-ISANG DASH. HINDI RIN ITINAKDA NG TSINA ANG POSISYON NG LABING-ISANG DASH



INANGKIN NG TSINA ANG MGA ISLANG NAKAPALOOB SA LABING-ISANG DASH, NGUNIT TAHIMIK ANG TSINA SA PAG-ANGKIN SA MGA TUBIG NA NAKAPALIGID SA MGA ISLA.
DONGSHA ISLANDS (PRATAS)
XISHA ISLANDS (PARACELS)
ZHONGSHA ISLAND (MACCLESFIELD BANK)
NANSHA ISLANDS (SPRATLYS)
MAHALAGANG TANDAAN NA HINDI BINANGGIT SA MAPA ANG **SCARBOROUGH SHOAL** SA KAHIT ANONG PANGALANG TSINO NITO, HUANGYAN ISLAND MAN O MIN'ZHU.
SAMAKATUWID, SA 1947 ELEVEN-DASHED LINE, HINDI INAANGKIN NG TSINA ANG SCARBOROUGH SHOAL!
"GAYUNDIN, NAGKAKAMALI ANG TSINA...
Sea level
ANG ZHONGSHA ISLAND AY HINDI ISANG ISLA DAHIL GANAP ITONG NAKALUBOG SA TUBIG.
9.2 METRO
ANG PINAKAMATAAS NA BAHAGI NITO AY 9.2 METRO SA ILALIM NG DAGAT.
NOONG TAONG 1950, IPINAHAYAG NG TSINA, SA ILALIM NG PAMUMUNO NG MGA KOMUNISTA, ANG PAGTATANGGAL SA DALAWANG DASH SA GULF OF TONKIN NANG WALANG PALIWANAG.
PARACELS
South China Sea
SCARBOROUGH SHOAL
VIETNAM
SPRATLYS
PHILIPPINES
MALAYSIA
NINE-DASHED LINE
HE-HE-HE! GAN'UN BA 'YON? **ELEVEN MINUS TWO EQUALS NINE!** KAYA NAGING NINE-DASHED LINE!



NOONG TAONG 2009, MAGKASAMANG IPINASA NG VIETNAM AT MALAYSIA SA UNITED NATIONS ANG KANI-KANILANG PAG-AANGKIN SA MGA EXTENDED CONTINENTAL SHELF.
MALAYSIA
VIETNAM
NAGPROTESTA ANG TSINA AT IPINASA SA UN ANG MAPA NILANG MAY **NINE-DASHED LINE.**
WE OWN EVERY-THING THAT IS WITHIN THE **NINE-DASHED LINE!**
TAIWAN
Hong Kong
PACIFIC OCEAN
Gulf of Tonkin
Scarborough Shoal
Paracel Islands
Manila
VIETNAM
South China Sea
Spratly Islands
IYON ANG UNANG PAGKAKA-TAONG OPISYAL NA IPINAHAYAG NG TSINA SA MUNDO ANG IGINIGIIT NA **NINE-DASHED LINE**. SA KABILA NITO, HINDI PA RIN ITINAKDA NG TSINA ANG POSISYON NG MGA DASH.
DAHIL SA **NINE-DASHED LINE**, INAANGKIN NA NG TSINA ANG 85.7% NG BUONG SOUTH CHINA SEA...
NA KATUMBAS NG 3 MILLION SQ. KM. MULA SA LAWAK NA 3.5 MILLION SQ. KM. NG BUONG SOUTH CHINA SEA!
DAHIL SA **NINE-DASHED LINE**, MALALAWAK NA EXCLUSIVE ECONOMIC ZONE (EEZ) ANG MAWAWALA SA MARAMING BANSA...
**Filipinas – 80% ng kanyang EEZ** *sa harap ng West Philippine Sea, kasama ng Reed Bank at bahagi ng Malampaya gas field.*
**Malaysia – 80% ng kanyang EEZ** *sa Sabah at Sarawak sa harap ng South China Sea, kasama ang kanyang active gas at oil fields sa lugar.*
**Vietnam – 50% ng kanyang EEZ.**
**Brunei – 90% ng kanyang EEZ.**
**Indonesia - 30% ng kanyang EEZ** *sa harap ng South China Sea sa Natuna Islands na ang paligid na tubigan ang pinakamalaking gas fields sa Southeast Asia.*
UNITED NATIONS CONVENTION ON THE LAW OF THE SEA (UNCLOS)
SAMANTALA , NOONG MARSO 30, 2014, ANG FILIPINAS AY NAGHAIN NG REKLAMO SA ARBITRAL TRIBUNAL NG UNITED NATIONS CONVENTION OF THE LAW OF THE SEA (UNCLOS).
ANG **NINE-DASHED LINE**, NGA NG TSINA ANG PANGUNAHING SANHI NG MGA SIGALOT SA SOUTH CHINA SEA.
WPS